

A study on the unique regional accent of the I-Kalinga in speaking the Filipino language: A comprehensive analysis

Judie Mae Wadwad Ayabo*

Agbannawag National High School, Tabuk, Kalinga, Philippines

ABSTRACT

This study aims to examine the unique regional accent of I-Kalinga students and professionals in speaking the Filipino language, particularly the influence of their first language, geography, and sociolinguistic factors on their manner of pronunciation. The researcher employed a descriptive-qualitative approach involving fifty (50) I-Kalinga participants who are studying or working in cities or provinces where Kalinga is not the dominant dialect. Data were collected through audio recordings, interviews, word lists, and the reading of a passage. The analysis was conducted using thematic analysis, phonological analysis, and a standard qualitative rubric to accurately determine pronunciation, stress, pitch, intonation, and level of speaking proficiency. The findings revealed a clear influence of the first language on the participants' pronunciation, stress, pitch, and intonation in Filipino. Although participants demonstrated the ability to adjust their accent depending on the situation, their regional identity remained evident. Most participants were classified at the "Proficient" to "Moderate" level, while a few were categorized as "Highly Proficient" or "Limited." The regional accent of the I-Kalinga is not merely a mode of speech but an important aspect of linguistic and cultural identity. The study also highlights the need to implement policies that promote culturally responsive pedagogy and accent-inclusive programs in the teaching of Filipino.

Keywords: I-Kalinga, Filipino language, regional accent, suprasegmental features, phonological patterns, language identity.

Date Submitted: April 7, 2026

Date Accepted: April 13, 2026

Date Published: April 17, 2026

*Corresponding author/ Email: judiemaeguiyaan@gmail.com
DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0502991>

Recommended citation:

Ayabo, J. M. W. (2026). A study on the unique regional accent of the I-Kalinga in speaking the Filipino language: A comprehensive analysis. *Pantao (The International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 5 (2), 1466-1476. <http://doi.org/10.69651/PIJHSS0502991>

Pag-aaral sa natatanging rehiyonal na accent ng I-Kalinga sa pagsasalita ng wikang Filipino: Isang komprehensibong pagsusuri

Judie Mae Wadwad Ayabo

Agbannawag National High School, Tabuk, Kalinga, Philippines

ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang natatanging rehiyonal na accent ng mga mag-aaral at propesyonal na I-Kalinga sa pagsasalita ng wikang Filipino, particular sa impluwensiya ng unang wika, heograpiya, at sosyolinggwistikong salik sa kanilang paraan ng pagbigkas. Gumamit ang mananaliksik ng descriptive- qualitative approach sa limampung (50) kalahok na I-Kalinga na nag-aaral o nagtatrabaho sa ibang lungsod o lalawigang hindi kalinga ang dayalekto. Ang mga datos ay nakuha sa pamamagitan ng pagre-rekord, panayam, word list, at pagbasa ng isang talata. Isinagawa ang pagsusuri gamit ang thematic analysis, ponolohikal na pagsusuri, at standard qualitative rubric upang tiyak na matukoy ang bigkas, diin, tono, intonasyon, at antas ng kasanayan sa pagsasalita. Lumitaw sa pag-aaral na ito na may malinaw na impluwensiya ng unang wika sa bigkas, diin, tono, at intonasyon ng Filipino ng mga kalahok. Bagama't may kakayahang i-akma ang kanilang accent depende sa sitwasyon, nananatili pa ring bahagi nito ang rehiyonal na pagkakakilanlan. Karamihan sa kalahok ay nasa antas na Maayos hanggang Katamtaman, habang iilan naman ang nasa antas na Napakahusay o Mahina. Ang rehiyonal na accent ng I-Kalinga ay hindi lamang isang paraan ng pagsasalita kundi isang mahalagang aspeto ng linguistic at kultural na identidad. Ipinapakita rin nito ang pangangailangan ng pagpapatupad ng polisiya para sa culturally responsive pedagogy at accent-inclusive na programa sa pagtuturo ng Filipino.

Susing salita: I-Kalinga, wikang Filipino, rehiyonal na accent, suprasegmental na katangian, pattern ng ponolohiya, identidad sa wika.

PANIMULA

Ang ponemang suprasegmental ay tumutukoy sa mga makahulugang yunit ng tunog na hindi karaniwang tinutumbasan ng mga letra sa pagsulat. Sa halip, ito ay inilalarawan sa pamamagitan ng notasyong phonemic upang matukoy ang paraan ng pagbigkas. Ito ay tumutukoy sa pagsambit ng salita sa tamang diin at tono (Zamora & Alvarado, 2021). Ang mga elementong tulad ng diin, haba, tono, at intonasyon ay bahagi ng mas malawak na sistemang ponolohikal na may malaking papel sa pagbuo ng kahulugan sa pakikipagtalastasan.

Sa pag-aaral ni Valdepeñas (2024), binigyang-diin na ang pagtutuldik at wastong pagbigkas ng pantig ay hindi laging madaling maiwasan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, kailangang mabawasan hangga't maaari ang mga pagkakamaling ito upang maging malinaw ang kanilang kaalaman at paggamit sa wika. Tinukoy niya na mahalaga ang pag-unawa sa mga tuntunin ng pagbigkas, lalo na kung ang salita ay may dalawa o higit pang pantig. Kabilang dito ang paiwà, pahilís, at pakupyâ, na naglalarawan ng iba't ibang impit at pag-angat ng tunog sa mga pantig. Ang malumay na pagbigkas, binibigkas na marahan o mabagal ang bigkas ng salita at laging nasa una o mga gitnang pantig, may diin sa pagbigkas sa ikalawang pantig buhat sa hulihan. Ito ay ginagamitan din ng tuldik pahilis o paiwa. Maaaring magtapos ang salitang malumay sa patinig o katinig. Ang paiwà (`) ay may bigkas na malumì. Ito'y binibigkas nang dahan-dahan at may diin sa ikalawang pantig buhat sa hulihan. Palaging nagtatapos sa tunog patinig ang malumi. Lagi itong nasa hulíng pantig. Nilalagyan din ito ng tuldik na pahilís at malúmay kung higit sa dalawa ang pantig. Ang mga salitang mabilis ay binibigkas nang

tuluy-tuloy na ang diin ay nasa huling pantig. Wala itong impit na tunog. Maaaring magtapos ang mga salitang binibigkas nang mabilis sa katinig o patinig. Ginagamitan ito ng tuldik na pahilis (') na inilalagay sa ibabaw ng huling patinig ng salita. Ang pakupyâ (^) naman ay may bigkas na maragsâ. Binibigkas nang tuluy-tuloy na tulad ng mga salitang binibigkas nang mabilis, subalit ito'y may impit o pasarang tunog sa hulihan. Tulad ng malumi, ito ay palagi ang nagtatapos sa tunog na patinig. Ginagamit dito ang tuldik na pakupya na inilalagay sa ibabaw ng huling patinig ng salita. Ang mga tuntuning ito ay nagsisilbing gabay upang magkaroon ng mas sistematikong pagbigkas ang mga mag-aaral at maiwasan ang pagkalito lalo na sa mga salitang maaaring magbago ang kahulugan dahil lamang sa pag-iiba ng diin o impit. Sa karagdagan, ang diyakritiko ay mga markang inilalagay sa itaas o sa ibaba ng isang liham sa isang salita upang magpahiwatig ng isang particular na pagbigkas (Lacson & Victoria, 2022).

Samantala, ipinakikita ng mga baryasyong ponolohikal sa wikang Ibanag na maaaring magbago ang mga tunog, tono o intonasyon batay sa rehiyon, edad, o sosyal na antas ng nagsasalita. Ang ganitong sitwasyon ay nagpapakita ng natural na katangian ng mga wikang buhay, ang pagkakaroon ng heograpikal at sosyal na baryasyon na nakaaapekto sa paraan ng pagbigkas. Dahil dito, lumilitaw na ang pagsusuri ng accent ay hindi lamang lingguwistiko kundi sosyolingguwistiko rin sapagkat iniugnay nito ang wika sa pinanggagalingang kultura at komunidad ng tagapagsalita (Sumer, 2024).

Ang kasanayan sa pagsasalita ay isang pundamental at kritikal na aspekto ng komunikasyon. Ito ay hindi lamang lokal na kakayahan bagkus ay bahagi ng global na pangangailangan lalo na sa edukasyon, trabaho, at pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan. Ang epektibong pagsasalita ng Filipino, samakatuwid, ay hindi lamang mahalaga para sa pagpapanatili ng kultural na identidad ngunit pati na rin sa pag-angkop sa mga pangangailangan ng global na lipunan.

Gayunpaman, nabanggit sa pag-aaral nila Geronimo at Altaya (2025) na ang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino ay mahalaga hindi lamang para sa mabisang pakikipagkomunikasyon kundi pati na rin sa pagpapaunlad ng kultural na identidad at kaalaman.

Ang ating wika ay may iba't-ibang barayti gayundin sa iba pang bansa na nagiging sanhi ng pagkakaiba ng lipunan na ating ginagalawan, heograpiya, antas ng edukasyon, okupasyon, edad, at kasarian at uri ng pangkat na kinabibilangan (Angel et al., 2021).

Sa lalawigan ng Kalinga, mas nagiging malinaw ang hamong ito dahil sa pagkakaroon ng maraming wikang sinasalita sa iba't ibang bayan. Mula sa pag-aaral ni Ocay (2022), binanggit ang pag-aaral ni Himes (1997), na hindi bababa sa walong wika ang matatagpuan dito gaya ng Butbut Kalinga, Limos Kalinga, Lubuagan Kalinga, Mabaka Valley Kalinga, Majukayang Kalinga, Southern Kalinga, Tanudan Kalinga, at Banao Itneg. Dahil sa lawak ng lingguwistikong baryasyon, kaya't ito ay nagreresulta sa natatanging rehiyonal na accent sa pagsasalita ng Filipino.

Bilang karagdagan, sa pagsasalita nila ng wikang Filipino, napapansin ang kakaibang phonological patterns, intonasyon, at artikulasyon na lumilhis sa pamantayang Filipino. Ang ganitong accent ay hindi lamang usapin ng tunog, sumasalamin din ito sa kasaysayan, kultura, at sosyolingguwistikong realidad ng komunidad. Ayon kay Samarca (2020), bahagi ng gramatika ang ponolohiya na tungkol sa pagpapattern o kombinasyon ng mga tunog na ito sa loob ng isang wika.

Bukod dito, binanggit nina Geronimo, et.al (2025) na ang pinakakaraniwang pagkakamali sa pagsasalita ay silent pauses, filled pauses, stuttering, repetition, at self-correction. Gayunman, nabanggit din na ang kasalukuyang pag-aaral ay hindi nakatuon lamang sa mga error na ito, kundi sa pagpapalawak ng pananaliksik tungkol sa accent recognition at pagsusuri ng mga rehiyonal na accent sa loob ng wikang Filipino. Sa pag-aaral nila Cabayacruz

et al. (2025), lumabas sa resulta na ang panghuling kategorya na itinatuturing hamon ng mga mag-aaral mula sa tatlong antas ay ang speaker factor. Sa kabilang banda, nabanggit din sa pag-aaral ni Mendoza (2020), na ang mga guro ng wikang Ingles sa Pilipinas ay may tendensiyang iwasto ang tinatawag na “maling” paggamit ng Ingles, lalo na sa mga nagsasalita nito na may matinding rehiyonal na aksent.

Sa kabuuan, malinaw na ang natatanging rehiyonal na accent ng mga isang indibidwal ay resulta ng kombinasyon ng kanyang mother tongue, heograpiya, at pagkakaiba-iba ng wikang sinasalita sa lalawigan. Dahil dito, nagkakaroon sila ng partikular na paraan ng pagbigkas kapag ginagamit ang wikang Filipino. Ang pagsusuri sa accent ay hindi lamang makatutulong sa pag-unawa sa kakayahan sa pagsasalita ng mga I-kalinga kundi maaari ring magbigay-daan sa pagdisenyo ng mas angkop na estratehiya sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika.

Dahil sa mga nabanggit na konsepto, pag-aaral, at empirikal na datos, malinaw na ang pagsusuri sa natatanging rehiyonal na accent ng mga mag-aaral na i-Kalinga ay mahalaga upang matukoy at maunawaan ang mga ponolohikal at suprasegmental na salik na nakaaapekto sa kanilang pagsasalita ng Filipino.

Sa kabila ng lawak ng mga pag-aaral hinggil sa ponolohiya, suprasegmental features, at second language acquisition, kakaunti pa rin ang pananaliksik na nakatuon partikular sa rehiyonal na accent ng mga mag-aaral at propesyonal na I-Kalinga sa konteksto ng paggamit ng Wikang Filipino. Dahil dito, kinakailangang tukuyin kung anu-anong elemento ng bigkas, tono, diin, intonasyon, at paghinto ang naglalarawan sa kanilang accent, at kung paano ito nakaaapekto sa kanilang kasanayan sa pagsasalita.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng masusing pagsusuri sa natatanging rehiyonal na accent ng mga mag-aaral at propesyonal na I-Kalinga sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, ang mga I-Kalinga ay magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa sa iba’t ibang paraan ng pagbigkas ng mga salita sa Wikang Filipino. Bukod dito, mapapalawak nito ang kanilang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Para sa mga guro, magiging gabay ito sa pagdidisenyo ng mga estratehiya sa pagtuturo ng Filipino na isinasaalang-alang ang rehiyonal na pagkakaiba-iba sa accent. Para sa mga tagapangasiwa, makatutulong ang resulta sa pagbabalangkas ng mga programang pang-edukasyon at polisiyang sumusuporta sa pagpapanatili ng linguistic diversity at epektibong pagtuturo ng asignaturang Filipino. Para sa komunidad at lipunan, magbibigay ito ng mas malalim na pang-unawa sa kultural at linggwistikong pagkakakilanlan ng mga I-Kalinga, na hinuhubog ng respeto at pagpapahalaga sa kanilang natatanging paraan ng pagsasalita ng wikang Filipino. Para sa mananaliksik, ang pag-aaral ay magbibigay ng pagkakataon na mapalawak ang sariling kaalaman at kasanayan sa larangan ng sosyolinggwistika at ponolohiya, mapalalim ang pag-unawa sa relasyon ng wika at kultura, at makapag-ambag sa akademikong diskurso hinggil sa wikang Filipino.

Ang pangunahing sandigan ng pag-aaral na ito ay ang Variationist Sociolinguistics ni William (Labov, 1972), na naglalahad na ang wika ay likas na nagkakaiba-iba depende sa mga salik na panlipunan gaya ng edad, heograpiya, edukasyon, antas ng exposure sa wika, at kultural na konteksto. Ayon sa teoryang ito, ang accent ay hindi simpleng pagkakaiba sa pagbigkas, kundi isang sistematikong anyo ng linguistic variation na may matibay na ugnayan sa identidad at karanasan ng isang speech community.

Sa pananaliksik na ito, ginamit ang teoryang ito upang maipaliwanag kung bakit ang mga napiling kalahok ay nagtataglay ng natatanging accent sa pagsasalita ng Filipino. Tinutulungan nitong tukuyin ang papel ng sosyolinggwistikong salik tulad ng unang wika, lugar na tinitirhan, interaksyon sa iba’t ibang tagapagsalita ng Filipino, at antas ng edukasyon sa paghubog ng kanilang partikular na phonological patterns. Dahil dito, tumutugon ito sa

pangunahing layunin ng pag-aaral na mailarawan at maunawaan ang accent bilang bahagi ng mas malawak na linguistic diversity sa bansa.

Nakabatay rin ang pag-aaral na ito sa Speech Accommodation Theory (Giles, 1973), na nagpapaliwanag kung paanong inaangkop ng mga tao ang kanilang paraan ng pagsasalita depende sa kausap, sitwasyon, at sosyal na ugnayan. May dalawang pangunahing proseso sa teoryang ito: Convergence kapag iniaayon ng tagapagsalita ang kanyang bigkas sa kausap upang makabuo ng pagkakaisa o mas maayos na komunikasyon. Divergence naman kapag pinananatili o higit pang pinaiiigting ng tagapagsalita ang kanyang accent upang ipakita ang sariling identidad o distansya sa kausap.

Sa konteksto ng I-Kalinga, makikita sa teoryang ito kung bakit may mga pagkakataong nananatiling prominente ang kanilang rehiyonal na accent sa pagsasalita ng Filipino, at kung paano naman ito maaaring bahagyang nababago dahil sa pangangailangang pangkomunikatibo. Nagbibigay ito ng mas malalim na paliwanag sa paraan ng pagsasalita ng mga kalahok, lalo na sa mga sitwasyong nagkakaroon ng interaksyon sa mga taong hindi nakakapagsalita ng dayalektong Kalinga.

Ginamit din sa pag-aaral na ito ang Phonological Interference Theory (Lado, 1957). Bilang teknikal na paliwanag sa pagbuo ng accent, ginagamit ang teoryang ito na nagsasaad na ang unang wika (L1) ay may direktang impluwensiya sa paraan ng pagbigkas ng pangalawang wika (L2). Kapag ang tunog sa Filipino ay wala o hindi katulad sa tunog ng katutubong wikang I-Kalinga, nagkakaroon ng phonological transfer na nagreresulta sa natatanging accent. Sa pag-aaral na ito, sinusuri ang mga ponemang, stress patterns, at intonasyon ng wikang I-Kalinga na maaaring nakaiimpluwensiya sa paraan ng pagpapatunog ng Filipino. Ang teoryang ito ang nagbibigay-gabay sa teknikal na aspeto ng phonological analysis, lalo na sa pagtukoy kung aling bahagi ng accent ang bunga ng L1 influence.

Paglalahad ng suliranin

Ang pag-aaral na ito ay may layuning magsagawa ng komprehensibong pagsusuri sa natatanging rehiyonal na accent sa pagsasalita ng Wikang Filipino ng mga mag-aaral at propesyonal na mula sa Kalinga ngunit nag-aaral at nagtatrabaho sa ibang lungsod o lalawigan upang matukoy at mailarawan ang kanilang mga natatanging phonological patterns, matukoy kung paano nakakaapekto ang unang wika sa pagbuo ng kanilang accent, at masuri ang sosyolinggwistikong salik na may impluwensiya sa paghubog ng accent. Nais din ng pag-aaral na ito na matuklasan ang sariling persepsyon ng mga I-Kalinga tungkol sa kanilang accent bilang isang kultural na pagkakakilanlan.

METODOLOHIYA

Disenyo ng pag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ginamit ng mananaliksik ang disenyong kwalitatibo, partikular ang descriptive qualitative approach, upang masusing mailarawan at maunawaan ang natatanging rehiyonal na accent ng mga I-Kalinga sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino.

Mga tagatugon ng pag-aaral

Ang mga tagatugon sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral at propesyonal na I-Kalinga na nag-aaral o nagtatrabaho sa ibang lungsod o lalawigan. Sila ay sadyang pinili batay

sa iba't ibang dayalekto ng Kalinga na kanilang sinasalita upang matiyak ang representasyon ng ponolohikal at accentual variation na nais tuklasin ng mananaliksik. Pinili ang mga kalahok na may malinaw na pagpapakita ng rehiyonal na accent ng Kalinga habang gumagamit ng wikang Filipino. Ang kabuuang bilang ng mga kalahok ay limampu (50), na sumasaklaw sa iba't ibang dayalekto ng Kalinga upang masiguro ang representasyon ng phonological at accentual variation.

Instrumentong ginamit

Ginamit sa pag-aaral ang audio recording at panayam bilang pangunahing instrumento upang makuha ang pananaw at karanasan ng mga kalahok. Kasama rito ang word list at pagbasa ng piniling talata upang masuri ang kanilang bigkas, diin, tono, intonasyon, at accent sa pagsasalita ng wikang Filipino. Ayon kina Inayah at Lisdawati (2017), mahalaga ang paggamit ng higit sa isang pamamaraan ng pangangalap ng datos upang mas maging matibay at reliable ang resulta ng pananaliksik. Ang kombinasyon ng interviews, reading passages, at word list ay tumutugma sa methodological triangulation (Silverman, 2005), kung saan iba't ibang pinagmumulan ng datos ang ginagamit upang suportahan at palakasin ang interpretasyon ng mga natuklasan. Sa ganitong paraan, mas detalyado at malinaw na naitala ang phonological patterns, suprasegmental features, at natatanging accent ng mga kalahok, na nakatulong sa pagsusuri ng kanilang paraan ng pagsasalita sa wikang Filipino.

Pamamaraan ng paglikom ng datos

Bago isagawa ang aktwal na pangangalap ng datos, hiningi muna ng mananaliksik mula sa mga tagatugon ang kanilang pahintulot para sa pagsasagawa ng panayam at pagkuha ng audio record. Pagkatapos na nakakuha ng approval, ipinaliwanag ng mananaliksik ang layunin ng pag-aaral at ang kanilang magiging papel dito. Sa isinagawang panayam, gumamit ang mananaliksik ng audio-recording device upang masiguro ang kalinawan ng datos at maiwasan ang pagkawala ng mahahalagang detalye sa pagsasalita ng mga kalahok. Isinagawa ang mga panayam sa komportableng lugar at online upang maging natural ang takbo ng usapan at makuha ang awtentikong accent at paraan ng pagsasalita ng mga kalahok.

Pag-analisa ng datos

Ginamit sa pag-aaral ang Thematic Analysis, isang kinikilalang paraan ng pagsusuri sa kwalitatibong datos. Magsisimula ito sa familiarization, kung saan paulit-ulit na babasahin at rerepasuhin ng mananaliksik ang mga transkripsiyon ng panayam upang lubusang maunawaan ang nilalaman. Bukod sa tematikong pagsusuri, binigyang-pansin din ang ponolohikal na pattern upang matukoy ang paraan ng pagbigkas, accentuation, stress, intonasyon, at artikulasyon ng mga salita at parirala sa wikang Filipino ng mga mag-aaral at propesyunal na I-Kalinga na siyang kalahok. Layunin nitong mailarawan at maunawaan ang natatanging rehiyonal na accent ng mga kalahok sa mas sistematikong paraan. Ginamit din ang standard qualitative rubric bilang gabay sa paglalarawan ng antas ng kasanayan ng mga kalahok. Ang rubric ay binuo batay sa mga pamantayan ng epektibong pagsasalita at sa mga elementong suprasegmental na saklaw ng pag-aaral. Ito ay hinati sa apat na antas: Napakahusay, Maayos, Katamtaman, at Mahina, na nagbibigay-daan upang mailarawan ang iba't ibang antas ng kakayahan ng mga kalahok nang mas malinaw at organisado.

Konsiderasyong pang-etikal

Ang mga pamantayang etikal ay mahigpit na sinunod sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito. Bago sinimulan ang panayam, ipinaliwanag sa bawat kalahok ang layunin ng pag-aaral,

mga proseso ng pangangalap ng datos, at ang kanilang karapatang umatras anumang oras. Hiningi ang kanilang informed consent, at tiniyak na boluntaryo ang kanilang pakikilahok. Ang lahat ng audio recordings, transkripsiyon, at dokumento ay itatago nang may mataas na antas ng seguridad at gagamitin lamang para sa layunin ng pananaliksik. Tiniyak ding hindi malalagay sa kahihyan o diskriminasyon ang mga kalahok, lalo na't ang pag-aaral ay tumatalakay sa kanilang linggwistikong pagkakakilanlan.

RESULTA AT TALAKAYAN

Ang mga resulta at talakayan sa pag-aaral na ito ay nakabatay sa datos na nakalap mula sa limampung (50) kalahok na I Kalinga gamit ang descriptive qualitative research design at purposive sampling. Ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng audio recording ng pagbasa ng mga talata, word list, at pagsagot sa mga tanong sa panayam, na nagbigay-daan sa masusing pagsusuri ng aktwal na pagsasalita ng mga kalahok. Ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang thematic analysis, ponolohikal na pagsusuri, at isang standard qualitative rubric upang masukat ang bigkas, diin, tono, intonasyon, at antas ng kasanayan sa pagsasalita. Ang mga resulta ay malinaw na iniugnay sa mga layunin ng pag-aaral, partikular sa pagtukoy sa impluwensiya ng unang wika, pagkilala sa mga ponolohikal na pattern, at pagsusuri sa sosyolinggwistikong kahalagahan ng accent ng mga kalahok.

Sa kabuuang distribusyon ng antas ng kasanayan, 6 sa 50 kalahok ang nasa antas na Napakahusay, 21 ang nasa Maayos, 17 ang nasa Katamtaman, at 6 ang nasa Mahina. Ipinapakita ng mga bilang na ito na ang karamihan sa mga kalahok ay nasa gitnang antas ng kasanayan, partikular sa Maayos at Katamtaman, na nangangahulugang mayroon silang functional na kakayahan sa pagsasalita at pag-unawa ng wikang Filipino ngunit hindi pa rin nawawala ang impluwensiya ng kanilang unang wika. Ang pagkakakonsentra ng mga kalahok sa gitnang antas ay nagpapakita na bagama't epektibo ang kanilang komunikasyon, hindi pa ganap na naaayon sa pamantayang ponolohikal ng Filipino ang kanilang pagsasalita, na nagpapatunay sa patuloy na impluwensiya ng unang wika.

Napansin din sa pag-aaral na ang mga propesyonal na kalahok ay mas may kakayahang i-angkop ang kanilang accent kumpara sa mga mag-aaral. Ang obserbasyong ito ay maiiugnay sa mas malawak na karanasan ng mga propesyonal sa pormal na pakikipagkomunikasyon, na nagbibigay sa kanila ng kakayahang kontrolin at baguhin ang kanilang paraan ng pagsasalita. Sa kabilang banda, ang mga mag-aaral ay mas nagpapakita ng natural at hindi gaanong nababagong accent, na nagpapahiwatig ng mas matibay na impluwensiya ng kanilang unang wika. Ipinapakita nito na ang karanasan at konteksto ng komunikasyon ay may mahalagang papel sa paghubog ng kakayahang linggwistiko.

Sa aspeto ng ponolohiya, ang bigkas ng karamihan sa mga kalahok ay malinaw, subalit may sistematikong pagbabago sa diin ng mga salita. Ang diin ang pinakaapektadong bahagi, kung saan madalas itong naililipat mula sa inaasahang huling pantig patungo sa unang o gitnang pantig. Sa intonasyon naman, may ilang kalahok na hindi ganap na sumusunod sa natural na daloy ng Filipino, kaya nagkakaroon ng kakaibang himig, bagama't nananatiling malinaw ang mensahe. Ang mga pagbabagong ito ay hindi nakahahadlang sa pag-unawa kundi nagpapakita ng natatanging pattern ng pagsasalita na nakaangkla sa kanilang unang wika.

Makikita ang malinaw na pattern ng pagbabago sa diin sa mga salitang "Pamahalaan," "Kalusugan," at "Karapatan." Ang standard na bigkas na Pa-ma-ha-LA-an ay nagiging PA-ma-ha-la-an, ang Ka-lu-SU-gan ay nagiging KA-lu-su-gan, at ang Ka-ra-pa-TAN ay nagiging KA-ra-pa-tan. Ang paulit-ulit na paglitaw ng ganitong pattern sa iba't ibang kalahok ay nagpapatunay na ito ay hindi simpleng pagkakamali kundi isang sistematikong penomena. Ang

ganitong obserbasyon ay umaayon sa Phonological Interference Theory ni Lado (1957), na nagsasaad na ang estruktura ng unang wika ay naililipat sa paggamit ng pangalawang wika. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Tomas et al. (2022) na nagsasabing ang pagkakaiba ng palatunugan ng dalawang wika ay nagdudulot ng pagbabago sa pagbigkas. Samakatuwid, ang pagbabago sa diin ay isang predictable at sistematikong resulta ng impluwensiya ng unang wika at hindi isang kakulangan sa kakayahan.

Ang ganitong ponolohikal na pattern ay higit pang pinagtibay sa mga salitang “Edukasyon,” “Komunikasyon,” at “Responsibilidad,” kung saan ang e-du-ka-SYON ay nagiging e-du-KA-syon, ang Ko-mu-ni-ka-SYON ay nagiging Ko-mu-ni-KA-syon, at ang Res-pon-si-bi-li-DAD ay nagiging Res-pon-si-bi-LI-dad. Ipinapakita nito ang consistent na redistribusyon ng diin sa mga salita. Batay sa rubric, ang mga kalahok ay nananatiling nasa iba’t ibang antas ng kasanayan, na karamihan ay nasa Maayos at Katamtaman at iilan lamang ang nasa Napakahusay at Mahina. Sa halip na ituring itong pagkakamali, mas angkop itong ipaliwanag bilang linguistic variation. Ito ay umaayon sa Variationist Sociolinguistics ni Labov (1972), na nagsasaad na ang wika ay nagkakaiba-iba batay sa panlipunan at heograpikal na salik. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Sumer (2024) at Borong (2024), na nagpapakita na ang stress at intonasyon ay nagbabago depende sa konteksto ng lipunan at lokasyon.

Lumitaw rin sa pag-aaral na ang mga kalahok ay may kakayahang i-angkop ang kanilang accent depende sa konteksto ng komunikasyon. Halimbawa, ang “Lipunan” na binibigkas bilang LI-pu-nan ay nagiging li-pu-NAN, ang “Ekonomiya” mula e-KO-no-mi-ya ay nagiging e-ko-no-MI-ya, at ang “Pamayanan” mula PA-ma-ya-nan ay nagiging Pa-ma-ya-NAN. Ang mga pagbabagong ito ay nagpapakita ng paglipat ng diin patungo sa mas pamantayang anyo ng Filipino kapag nasa pormal na sitwasyon o nakikipag-usap sa hindi kapwa I Kalinga. Batay sa rubric, karamihan sa mga kalahok ay nasa Maayos at Katamtaman sa kakayahang ito, habang iilan lamang ang nasa Napakahusay at Mahina. Ipinapakita nito na may kakayahan silang mag-adjust, ngunit hindi ito ganap o tuluyang nagbabago.

Ang kakayahang ito ay maipapaliwanag sa pamamagitan ng Speech Accommodation Theory ni Giles (1973), partikular ang konsepto ng convergence, kung saan inaangkop ng tagapagsalita ang kanyang paraan ng pagsasalita upang maging mas epektibo ang komunikasyon. Kasabay nito, makikita rin ang divergence, kung saan pinananatili ng mga kalahok ang kanilang sariling accent bilang bahagi ng kanilang identidad. Sinusuportahan ito ng pag-aaral ni Masula (2023) na nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nag-aadjust ng kanilang wika batay sa sitwasyon ngunit pinananatili ang kanilang pagkakakilanlan, gayundin ng pag-aaral nina Carillo et al. (2023) na nagsasabing ang language adaptation ay karaniwan sa multilinggwal na kapaligiran.

Isa sa pinakamahalagang natuklasan ng pag-aaral ay ang malalim na ugnayan ng accent at identidad. Ipinakita ng mga kalahok na pinahahalagahan nila ang kanilang accent bilang bahagi ng kanilang pagiging I Kalinga. Makikita ito sa mga salitang tulad ng “Pagkakaisa” na binibigkas bilang Pag-ka-KAI-sa, “Pamumuhay” bilang Pa-mu-MU-hay, at “Kapaligiran” bilang Ka-pa-LI-gi-ran, kung saan nananatili ang kanilang natatanging pattern ng diin. Batay sa rubric, karamihan sa mga kalahok ay nasa Napakahusay at Maayos sa pagpapahalaga sa kanilang accent bilang identidad. Ipinapakita nito na ang accent ay hindi lamang teknikal na aspeto ng wika kundi isang mahalagang simbolo ng kultura at pagkakakilanlan.

Ang natuklasang ito ay umaayon sa Variationist Sociolinguistics ni Labov (1972), na nagpapakita na ang linguistic variation ay may direktang kaugnayan sa social identity. Sinusuportahan din ito ng pag-aaral nina Quinto et al. (2024), na nagsasabing ang accent ay may implikasyon sa identity at social perception, at ni Santos (2009), na naglalarawan sa baryasyon ng wika bilang mahalagang bahagi ng yaman ng kultura. Ipinapakita ng mga kalahok na kahit may kakayahan silang mag-adjust ng kanilang accent, pinipili pa rin nilang panatilihin ito bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga resulta ng pag-aaral na ang rehiyonal na accent ng mga I-Kalinga ay may sistematikong ponolohikal na pattern na malinaw na impluwensiya ng kanilang unang wika, partikular sa bigkas, diin, tono, at intonasyon. Bagama't ang karamihan sa mga kalahok ay nasa Maayos at Katamtaman na antas ng kasanayan, nananatili ang impluwensiya ng unang wika sa kanilang pagsasalita. Ipinakita rin na may kakayahan silang mag-adjust ng kanilang accent depende sa konteksto, subalit hindi nila ito tuluyang inaalis dahil ito ay bahagi ng kanilang identidad. Ang mga natuklasan na ito ay nagpapatunay na ang linguistic variation ay hindi simpleng paglihis sa pamantayan kundi isang lehitimong anyo ng ekspresyon na hinuhubog ng karanasan, kultura, at lipunan. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang ambag sa pag-unawa sa ugnayan ng wika at identidad at nagsisilbing batayan para sa mga susunod na pag-aaral at implikasyon sa pagtuturo ng wika at sosyolinggwistika.

KONKLUSYON

Ipinakita ng pag-aaral na ang natatanging rehiyonal na accent ng mga mag-aaral at propesyonal na I-Kalinga sa pagsasalita ng wikang Filipino ay malinaw na nahuhubog ng kanilang unang wika, heograpikal na pinagmulan, at sosyolinggwistikong karanasan. Ipinakita rin na ang suprasegmental na katangian tulad ng bigkas, diin, tono, at intonasyon ay may malaking papel sa pagbibigay ng kahulugan at sa paraan ng komunikasyon, at ang mga pagbabagong ito ay hindi dapat ituring na pagkukulang kundi bilang anyo ng natural na linguistic variation. Lumitaw din na bagama't may kakayahan ang mga kalahok na i-angkop ang kanilang accent sa sitwasyon at kausap, nananatili pa rin ang impluwensiya ng kanilang unang wika, na nagpapakita ng convergence at divergence sa ilalim ng Speech Accommodation Theory.

Higit sa lahat, malinaw na pinapahalagahan ng mga I-Kalinga ang kanilang accent bilang bahagi ng kanilang kultural na pagkakakilanlan, at ito ay nananatiling matatag kahit sa labas ng kanilang komunidad. Sa kabuuan, ang wika at accent ay hindi lamang kasanayan sa komunikasyon kundi mahalagang instrumento sa pagpapahayag ng identidad at kultura ng isang tagapagsalita.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, iminumungkahi na ang mga mag-aaral at propesyonal na I-Kalinga ay patuloy na paunlarin ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino, lalo na sa aspeto ng malinaw na bigkas at wastong paggamit ng diin at intonasyon, nang hindi kinakailangang isantabi ang kanilang rehiyonal na accent.

Para sa mga guro ng Filipino, mahalaga ang pagbibigay-pansin sa rehiyonal na baryasyon at paggamit ng accent bilang bahagi ng pagtuturo, upang maitaguyod ang inklusibo at culturally responsive na pedagogikal na kasanayan.

Sa antas ng institusyon, iminumungkahi ang pagpapatupad ng mga programang pangwika tulad ng public speaking workshops, accent awareness training, at communication enhancement sessions na makakatulong sa mga I-Kalinga na maging epektibong tagapagsalita sa iba't ibang konteksto.

Higit pa rito, ipinapakita rin ng pag-aaral ang pangangailangan para sa isang polisiya na nagtataguyod ng accent inclusivity at anti-discrimination sa edukasyon at propesyonal na larangan, kung saan kinikilala ang accent bilang mahalagang bahagi ng identidad at kultura ng I-Kalinga. Ang ganitong polisiya ay magbibigay-daan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa Filipino habang pinapahalagahan at pinapreserba ang katutubong pagkakakilanlan ng mga tagapagsalita. Sa ganitong paraan, maipapakita na ang pagsasalita ng Filipino ay maaaring maging epektibo, malinaw, at kultural na mayamang anyo ng komunikasyon para sa lahat ng I-Kalinga na nag-aaral o nagtatrabaho sa labas ng kanilang lalawigan.

TALASANGGUNIAN

- Amarilla, A., Aliporo, L. J., Georfo, M., Rañon, K. G., & Roylo, S. (2025). It's hard to speak Filipino, why is that? A case study among non-Filipino speakers. *South Florida Journal of Development*, 6(2), 1–12. <https://doi.org/10.46932/sfjdv6n2-018>
- Angel, D. J. R., Camacam, A. L., & Elico, S. G. (2021). Pagsipat at pagsusuri sa leksikograpiyang Sambal.
- Baterina, L. L. (2016). Varyasyong leksikal ng mga wikaing Bagobo-Tagabawa, Giangan at Obo Manobo ng Lungsod Davao: Pokus sa dimensyong heyograpikal. *Langkit: The Official Journal of the College of Arts & Social Sciences, Mindanao State University-Iligan Institute of Technology*.
- Borong, N. (2024). Phonological analysis of selected town of Southwestern Leyte, Philippines. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 5(4), 13–25. <http://mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/386>
- Cabayacruz, M. S., Cabulao, N. B., Diacor, W. G., & Epifanio, D., Jr. (n.d.). Pananaliksik sa mga hamon sa pag-unawa sa pakikinig sa Ingles: Isang pagsusuri sa iba't ibang antas ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa wikang Filipino.
- Cabiles, M. R. B., Paragoya, L. D., Baynas, H. A. M. G., & Abellar, S. P. (2026). Pagsusuri sa lingguwistikong katangian sa pananalita ng mga mag-aaral sa sekondarya.
- Carillo, M. L., Lacanlale, J. A., Mempin, A. L., & Santos, R. (2023). Regional accent in a different language setting. *International Journal of Multidisciplinary Research and Publications*, 6(6), 24–28.
- Geronimo, A., & Altaya, G. (2025). Skills in speaking Filipino as a second language in the development of interactive strategies for natural, active, and proficient speakers (SIKLAB). *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 6(1), 81–90. <http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/408>
- Lacson, J. P. M., & Victoria, V. A. (2022). Titik at tunog: Pahambing na palatitikan ng wikang Ingles at Filipino. *Dalamat: Multikultural at Multidisiplinaryong E-Journal sa Araling Pilipino*, 8(1), Article 6. <https://doi.org/10.59588/2094-4187.1012>
- Masula, S. (2023). Language convergence, language identification, and language proficiency of first year college students in Region 6. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 4(2), 150–173.
- Matammu, C. (2024). Echoes of change: Tracing phonological shifts in the Ibanag language. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 5(3), 41–57. <http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/376>
- Mendoza, H. B. (2020). An investigation of Filipino ESL learners' language stereotypes toward Philippine lectal speakers using a matched guise test. *Asian Journal of English Language Studies*, 8.

Nuncio, R. V., Pontemayor, F. B., Monforte-Bedes, J. A., & Lumigis, D. K. A. (2020). Pagsipat sa leksikal na baryasyon ng mga terminong Filipino, Bikol, at Cebuano sa kontekstong panginabuhian/pangkabuhayan. *Malay*, 32(2), 5.

Ocay, A. Q. (n.d.). Cognatic portrait of indigenous languages in Tabuk City, Kalinga, Philippines. SSRN. <https://ssrn.com/abstract=4216180>

Odulio, B., Cruz, K. A., Ariaso, J. R., Orjalo, M. I., Dela Cruz, A., Rodriguez, R., & Octaviano, M., Jr. (2019). A speaker accent recognition system for Filipino language. In *Proceedings of the 33rd Pacific Asia Conference on Language, Information and Computation* (pp. 511–515). Waseda University.

Olobia, L. P. (2025). Issues in utilizing the native language to communicate a second language. *Studies in Self-Access Learning Journal*, 16(1), 251–259. <https://doi.org/10.37237/160113>

Peñaflor, J. B. (2025). Mga piling salik at kasanayan sa pagtatalumpati ng mga mag-aaral sa Bone North Integrated School. *International Journal of Research Studies in Education*, 14(12), 1–19. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2025.25174>

Ponce, A. R. C., Tocalo, A. W. I., Dita, S., & Mayo, F. (2025). Language attitudes towards L1-accented English in a multilingual ecology: The case of Philippine English. *Korean Journal of English Language and Linguistics*, 25, 935–954. <https://doi.org/10.15738/kjell.25..202507.935>

Quinto, E. J. M., Ong, A. K. S., Yabut, G. U., Muralla, G. A. M., Valenzuela, R. A. J., & Villariba, Y. D. C. (2024). Prejudice towards regional accents of Philippine English. *English World-Wide*, 45(2), 133–154.

Samarca, A. (2020). Pagsusuri sa estruktura ng ponolohiya ng Surigaonon-Cantilan sa Surigao del Sur. <https://doi.org/10.57200/apjsbs.v20i0.323>

Sumer, J. J. (2024). Phonological and morphological variation of Ibanag language. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 5(1), 108–124. <http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/317>

Tomas, D. S., Payangdo, J., & Sagayo, E. (2022). Pagkatuto ng mga mag-aaral na Kankanaey ng wikang Filipino bilang pangalawang wika. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 2(11).

Valdepeñas, D. (2024). Pronunciation and enunciation of Ibanag language. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 5(2), 212–221.

Zamora, N. C. L., & Alvarado, E. (2021). Pedagogikal na grammar ng Sinugbuanong Binisaya: Balangkas ng mga gawaing komunikatibo sa pagtuturo-pagkatuto ng Filipino. *International Multilingual Journal of Science and Technology*, 6(4), 1–12.